
Hello mula sa
# DOMINICAN REPUBLIC!


Ang Dominican Republic ay isang islang bansa sa Caribbean. Halos 11 milyong tao ang naninirahan doon.





## UNANG TEMPLO SA CARIBBEAN

Isang templo ang natapos sa kabiserang lungsod ng Santo Domingo noong taong 2000. Iyon ang unang itinayo sa Caribbean area!






## ISANG KAKAIBANG WATAWAT


Ang watawat ng Dominican Republic ang tanging watawat ng bansa na may nakatatak na Biblia. Ang Biblia ay nasa gitna ng watawat.






## BALYENANG HUMPBACK

Libu-libong balyenang humpback ang lumalangoy patungong baybayin ng Dominican Republic bawat taon. Ang mainit na tubig ay isang perpektong lugar para isilang nila ang kanilang mga anak.




## WIKA

Ang opisyal na wika ng Dominican Republic ay Spanish.

MGA LARAWANG-GUHIT NI STEPHANIE MACKAY



AKTIBIDAD

## Masayang Baseball

Baseball ang pinakasikat na isport sa Dominican Republic! Narito ang isang simpleng paraan para makapaglaro nito. Maglagay ng tatlong marker sa isang malaking hugis na tatsulok. Tumayo sa unang marker habang inihahagis ng isang kaibigan ang isang maliit na bola papunta sa iyo. Gumamit ng isang patpat o bat para subukang paluin ang bola at pagkatapos ay tumakbo sa kasunod na marker. Kaya mo bang tumakbo sa buong tatsulok bago ka ma-tag ng kaibigan mo?



RESIPI

## Ensalada Verde (Green Salad)

Karaniwan ang salad na ito sa Dominican Republic. Narito ang isang bersyon na maaari mong subukan!

1. Hugasan ang **4 na tasang (946 ml) litsugas, 1 tasang (237 ml) repolyo, 1 kamatis, 1 pipino,** at **2 carrots**.
2. Balatan ang carrots at pipino na kasama ng **2 abukado**. Pagkatapos ay hiwain ang lahat ng sangkap at ilagay ang mga iyon sa isang mangkok.
3. Sa isang hiwalay na lalagyan, maglagay ng **6 na kutsarang (88 ml) olive oil, 3 kutsarang (44 ml) suka,** at **1 kutsaritang (5 ml) asin**. Kaluging mabuti at ibuhos sa salad. Magdagdag ng **paminta** ayon sa panlasa mo.

**Siguraduhing magpatulong sa isang adult!**